

Benepisyaryo ng Insurance sa Buhay.

Mga madalas itanong.



T: Ano ang benepisyaryo?

S: Ang benepisyaryo ay ang tao o entidad na legal mong itinatagala para tumanggap ng mga benepisyo ng iyong patakaran sa insurance kung mamamatay ka. Puwede ring maging benepisyaryo ang mga charity, trust, at estate.

T: Puwede bang higit sa isa ang papangalanan kong benepisyaryo?

S: Oo, puwedeng higit sa isang benepisyaryo ang papangalanan mo. Puwede mo ring hati-hatiin ang pera sa bawat benepisyaryo sa anumang paraang gugustuhin mo.

Kung walang nakalistang porsiyento sa Form ng Pagtatalaga ng Benepisyaryo, ibibigay ang pera sa mga pangunahing nabubuhay na benepisyaryo nang magkakapantay na bahagi.

Puwede ka ring magpangalan ng alternatibo o contingent na benepisyaryo, na siyang tatanggap ng pera kung walang nabubuhay na pangunahing benepisyaryo.

T: Kailangan bang maging benepisyaryo ang aking asawa?

S: Bagama't karaniwan, hindi ito kinakailangan. Gayunpaman, kung kasal ka, naninirahan ka sa estadong may batas tungkol sa magkasamang pag-aari ng mag-asawa o community property state (Arizona, California, Idaho, Louisiana, Nevada, New Mexico, Texas, Washington, o Wisconsin), at magpapangalan ka ng isang taong bukod sa iyong asawa bilang benepisyaryo, posibleng maantala o pagtalunan ang pagbabayad ng mga benepisyo maliban kung lalagda rin ang iyong asawa sa form ng benepisyaryo.

T: Puwede bang pangalanan ko ang aking mga anak bilang benepisyaryo?

S: Oo, puwede mong pangalanan ang iyong mga anak, gayunpaman, kung menor de edad ang iyong (mga) anak, babayaran namin ang tagapag-alaga ng ari-arian ng menor de edad o itatabi namin ang mga pondo hanggang sa maabot ng bata ang legal na edad. Puwedeng naiiba sa tagapag-alaga ng iyong anak ang tagapag-alaga ng ari-arian ng iyong anak. Kahit na puwedeng parehong tao ito, ang pagiging tagapag-alaga ng bata ay hindi nangangahulugan na siya rin ang taong tagapag-alaga ng ari-arian ng bata.

T: Anong impormasyon ang kinakailangan para pangalanan ang sinumang benepisyaryo?

S:

- › Buong pangalan
- › Address at numero ng telepono
- › Numero ng Social Security
- › Petsa ng kapanganakan
- › Kaugnayan sa taong may insurance

T: Ano ang mangyayari kung walang itinalagang benepisyaryo sa file?

S: Kung hindi ka kailanman nagpangalan ng benepisyaryo, ibabayad ang benepisyo sa ari-arian ng may insurance na ipapamahagi ayon sa mga tuntunin ng habilin ng may insurance, kung may ganito man. Kung walang may-bisang habilin, ipapamahagi ang mga benepisyo sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa intestacy, na sa pangkalahatan ay nagsasaprioridad sa asawa, mga anak, at iba pang malalapit na kamag-anak.

Para tiyaking mababayaran ang iyong mga benepisyo nang walang antala, panatiliing napapanahon ang impormasyon ng iyong benepisyaryo, lalo na pagkatapos ng malalaking pagbabago sa buhay tulad ng kasal, diborsiyo, o kapanganakan ng anak.

T: Kailan ko mairaragdag/mababago ang aking benepisyaryo?

S: Puwede kang magdagdag o magbago ng benepisyaryo anumang oras. Mahalagang tiyakin na palaging ina-update ang iyong benepisyaryo para maigalang ang iyong mga kahilingan.

T: Paano ko makukumpirma o maa-update ang aking kasalukuyang pagtatalaga ng benepisyaryo?

S: Para sa Panggrupong Patakaran ng Insurance sa Buhay na Binabayaran ng Employer:

Isumite ang iyong Form ng Pagtatalaga ng Benepisyaryo sa pamamagitan ng pagbisita sa <https://sfhss.org/group-life-insurance> Nasa ibaba ng form ang mga tagubilin sa pagsusumite.

Para sa Boluntaryong Pandagdag na Patakaran sa Insurance sa Buhay—Babayaran ng Employado:

Mag-log in sa Workterra portal (<https://myapps.sfgov.org>) para suriin o i-update ang iyong pagtatalaga ng benepisyaryo.

T: Dapat ba akong kumuha ng legal na payo para maitalaga ang aking mga benepisyaryo?

S: Ang impormasyong ito ay para sa pangkalahatang paggamit at hindi nilalayong maasahan bilang legal na payo. Baka gugustuhin mong humingi ng tulong ng isang abogado sa pag-draft ng iyong mga pagtatalaga ng benepisyaryo. Makakatulong ang kwalipikadong abogado na tiyaking naipapakita nang tama ng iyong mga pagtatalaga ng benepisyaryo ang mga intensyon mo, malinaw at walang kalituan ito, at nakakatugon ito sa mga legal na kinakailangan.

Ibinibigay ang mga produkto at serbisyo ng New York Life Group Benefit Solutions ng Life Insurance Company of North America, New York Life Group Insurance Company of NY, New York Life Insurance and Annuity Corporation, at Annuity Corporation, at mga subsidiary ng New York Life Insurance Company. Hindi pinapahintulutan sa NY at hindi nagsasagawa ng negosyo sa NY ang Life Insurance Company ng North America. Mga form ng patakaran: Term Life -TL-004700 et al.

New York Life Insurance Company, 51 Madison Avenue, New York, NY 10010

© 2025, New York Life Insurance Company. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Ang NEW YORK LIFE, at ang Box Logo ng NEW YORK LIFE ay mga trademark ng New York Life Insurance Company.

124447 0725 SMRU 8265575.1 Exp. Date: 08.11.2028